Fourth Year Filipino

BASAHIN, PAG-ARALAN, AT SIKAPING MAINTINDIHAN:

Ang Kontexto ng Development

Ang **kontexto** ay nangangahulugang nakapaloob, nakabase, o nakabatay sa isang kahulugan o usapin. Halimbawa, nasa kontexto ng Agham. Ang **development** naman ay nangangahulugang gradwal na pag-unlad o pagbuo. Halimbawa, ang tao ay hindi isinilang na malaki na agad, siya ay dumaraan sa gradwal na mga yugto mula sa sinapupunan ng kanyang ina hangggang sa siya'y isilang, tumanda at mamatay. Sa madaling salita, ang **kontexto ng development** ay isang proseso ng gradwal na pag-unlad na nakabase sa isang kahulugan o usapin. Bagama't maraming uri ng kontexto, gamitin nating halimbawa ang kontexto ng Agham at ang kontexto ng Relihiyon na ang ating sabjek ay ang tao:

- **Agham**: Ang tao ay nagdaraan sa iba't ibang yugto ng pag-unlad. Mula sa sinapupunan ng kanyang ina, siya'y lalaki bilang sanggol. Ilang taon pa, magiging batang musmos na siya na handa nang pumasok sa paaralan, magbibinata/magdadalaga, mag-aasawa, magkakaanak, magkakaapo, patuloy na tatanda, magkakasakit, at mamamatay.
- **Relihiyon**: Ang tao ay nilikha ng Diyos mula sa alabok ayon sa Kanyang wangis. Nilikha rin Niya ang babae upang ang lalake ay may makatuwang. Nagkasala ang tao, dahil dito sila ay mamamatay. Subalit

dahil sa pagmamahal ng Diyos, isinugo Niya ang Kanyang bugtong na anak na si Hesukristo upang tubusin ang ating mga kasalanan. Subalit, sa wakas ng panahon ay Siya ring huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao. Yaong nabuhay sa daigdig ng matuwid ay gagantimpalaan ng buhay na walang hanggagan na kapiling ang Diyos sa langit.

Kapansin-pansing ang kontexto ng Agham ay nagbibigay diin lamang sa pisikal na development ng tao. Ang kontexto ng Relihiyon naman ay nakatuon sa espiritwal na dimensyon. Kaugnay nito, mapapansing dahil sa dalawa ang kontexto ng development ang pinag-usapan, dalawa ring kahulugan ang ating natunghayan patungkol sa simula at patutunguhan ng tao.

Lahat ng bagay ay nararapat na nasa kontexto. Kung gagawin nating halimbawa ang proseso ng komunikasyon, maaari lamang magkaunawaan ang dalawang nag-uusap kung ang paksa ng kanilang pag-uusap ay nasa isang kontexto na nauunawaan ng dalawang panig.

Ang Mekanismo ng Pagdanas

Ngayong maliwanag na ang kahulugan ng kontexto ng development, pag-aralan na natin ang Mekanismo ng Pagdanas—ang unang araling nasa ilalim ng kontexto ng development. Ito ay patungkol sa development ng ating pagdanas bilang tao. Bukod dito, masasabi rin nating development ito ng ating pagdanas bilang isang Pilipino.

Ang kontexto ng development ng isang lipunan o komunidad ay nakabatay sa Mekanismo ng Pagdanas. Ito ang batayan ng kontextong nauunawaan at pinagsasaluhan ng isang partikular na komunidad dahil sa pagkakatulad ng kanilang mga karanasan bilang tao.

Tingnan ang ilustrasyon ng Mekanismo ng Pagdanas sa ibaba. Paano kaya gumagana ang mekanismong ito? Paano nagkakaugnay-ugnay ang iba't ibang bahagi ng buhay na tao upang matamo ang karanasang magbubunga ng kaalaman at paniniwala?



Ilustrasyon 1: Ang Mekanismo ng Pagdanas

Mapapansing ang kabuuan ng proseso ay may kaugnayan sa development ng sarili o pagbuo ng sariling karanasan. Ang mga karanasang ito ay nadarama o nararanasan ng indibidwal sa tatlong bahagi ng kanyang pagkatao: sa **isipan, damdamin,** at **katawan**. Ang isipan, damdamin, at

katawan na nakararanas ng isang pangyayayaring sabay-sabay na gumagana at nagdidikta ng isang **karanasan**. Ang nasabing karanasan ang magiging basehan naman ng kanyang **kaalaman** hingil sa naranasan niya sa kanyang buhay. Ang nabanggit namang kaalaman ang magiging sandigan niya sa pagbuo ng **paniniwala** dahil sa paulit-ulit na magiging bunga ng gayong karanasan kung ito ay muling mangyayari o magaganap.

Ang lahat ng karanasan ay nakadeposito sa **isipan** ng tao. Ang mga karanasang pandamdamin at pangkatawan ay masasabing ”mabuti” kung ito ay prinoseso ng isipan at pinagdesisyunan bilang ”mabuti” o maaari rin namang hindi. Ang isip ang nagdidikta kung ang isang pagkain ba ay matamis o maanghang, mainit o malamig; o kung dapat bang makadama ng pagkatuwa, pagkagalit, o pag-ibig ang isang tao sa isang sitwasyon ng kanyang buhay.

Ang **damdamin** naman ang pinakapusod ng mga pagpapahalaga at emosyon. Dito nadarama ang mga karanasang pang-emosyon tulad ng pagkagalit, pagkatuwa, pangamba, pagkatakot, pag-ibig, at iba pa. Ang mga karanasang ito ay maaaring ”mabuti” o hindi. Subalit sa kabuuan ang karanasan ay nagbibigay ng aral kahit na ito ay mapait o masakit na karanasan sa pag-ibig. Sa madaling salita, kahit na may mga karanasang masasakit na hindi natin kayang ibaon sa limot, nakapag-iiwan pa rin ito ng mga kaalaman o aral. Ang mga aral na ito ang siyang papatnubay sa tao upang hindi na niya muling maranasan ang ano mang ”hindi mabuting” karanasang nadama niya sa nakaraan. Dahil dito, napagtitibay ang paniniwala ng tao.

Ang **katawan** ng tao naman ang tagasagap at repleksyon ng lahat ng mga karanasan. Ito rin ang bahaging inuutusan ng isip at damdamin upang gumawa ng kilos. Dahil dito, makikita sa katawan o pisikal na anyo kung ang isang tao ay nakararanas ng hirap, takot, pangamba, o pag-ibig. Ang taong puro galit sa katawan ay kakikitaan ng mga guhit at kunot sa mukha, subalit tuwa at ngiti naman ang makikita sa taong umiibig.

Kailangan nating intindihin na ang pagdanas ay para lamang sa **buhay na indibidwal** na nakadarama at nakasasagupa ng iba't ibang karanasan sa kanyang pang-araw-araw na buhay. Ang patay na tao, sa madaling salita ay wala ng kakayahang magkaroon ng mga karanasang pangkaisipan, pandamdamin, at pangkatawan sapagkat hindi na niya magagawang maramdaman pa ang lahat ng mga maaaring mangyari sa kanya matapos na siya ay mamatay at ilibing.

Lahat ng karanasan o bagay na ibinigay ng Diyos sa tao ay "mabuti" at ideal. Subalit ang pagkilala ng kabutihan ng isang karanasan o bagay ay nakadepende pa rin sa interpretasyon ng tao kung kakikitaan niya ito ng mabuting maidudulot sa kanyang pang-araw-araw na buhay o hindi. Dahil dito, maaari nating sabihin na ang karanasang pinananatili at patuloy na sinusunod ng indibidwal ay yaong mga napagdesisyunan niyang may pakinabang o "mabuti" para sa kanya—batay sa kanyang sariling interpretasyon. Ang interpretasyong ito naman ay kanyang ibinatay sa kanyang mga naranasan, na maaaring "mabuti"—kaya pinili niyang panatilihin, o hindi—kaya piniling huwag na muling isagawa hangga't maaari. Kung anuman ang idea o impormasyong

nasa isipan ng indibidwal ito ay patuloy niyang ikikilos, sasalitain, at isasagawa dahil nagdesisyon siyang may pakinabang ito sa kanya. Kaya naman malaki ang ginagampanan ng karanasan ng tao upang buuin, hubugin, at paunlarin ang pagkatao ng indibidwal.

Ang Ugnayan ng Kontexto ng Development at Mekanismo ng Pagdanas

Ang pagiging ganap na tao ay mabubuo at uunlad base sa mga karanasang dinanas, naintindihan, at pinaniwalaan ng tao. Ihalintulad natin ang karanasan sa isang kahon. Halimbawang lahat ng mga bagay na naranasan ng tao ay nasa loob o nakapaloob sa kahon, yaong mga 'di pa nararanasan ay nasa labas naman ng kahon. Lubos ang pagkaunawa ng tao sa mga bagay na nakapaloob na sa **kahon ng kanyang mga karanasan** dahil sa hindi na siya maghahanap pa sa ibang lugar (sa kahon lamang/sa sariling kontexto lamang) mas madali itong makita at intindihin sapagkat naging pamilyar na siya rito. Ang mga bagay namang 'di pa niya nararanasan ay 'di niya maiintindihan sapagkat kung ito ay nasa labas ng kahon, ito ay sabog, magulo, at mahirap hanapin at intindihin sapagkat 'di pa nga nagaganap sa buhay ng indibidwal. Kung ang isang tao ay 'di pa nakararanas masaktan sa pag-ibig o tanggihan ng kanyang nililigawan hindi niya tunay o lubusang malalaman ang sakit at hapdi ng pagkasawi sa pag-ibig. Gayon din naman ang taong 'di pa umiibig, 'di niya tunay o lubusang masasabi kung gaano kasarap sa pakiramdam ang tamis ng may minamahal.

Batay sa mga nabanggit, kunin nating halimbawa ang maikling kwentong **Walang Panginoon** ni Deogracias A. Rosario. Makikita natin dito ang naranasang pagkasawi ng bidang si Marcos. Gaano kaya kasakit ang mawalan ng ama, panganay na kapatid, bunsong kapatid, at higit sa lahat ng babaeng iniibig—si Anita? Gaano rin kaya kahirap para sa kanya na magtimpi ng galit para kay Don Teong—ang sanhi ng pagkawala ng lahat ng kanyang minamahal? Kung hindi dahil sa kanyang ina, hindi na niya magagawa pang magtimpi sa gagawing pagkamkam ng kanilang lupa na minana pa nila sa kanilang mga ninuno. Ano kayang plano ang nabuo niya sa kanyang isipan upang kahit paano'y maibsan ang pagkasawing kanyang dinaramdam?

Sa maikling kwentong **Ay! Ay!** naman ni Rosalia L. Aguinaldo, makikita ang pagkasawi sa pag-ibig ni Luis Vasquez Camina dahil sa pagkamatay ng lihim niyang sinisintang si Minda Socorro Luna. Namatay na si Minda ng malaman ni Luis ang katotohanan. Ang iniibig na babaeng natatanaw lamang niya buhat sa bintana ng Instituto de Mujeres at ang babaeng nakakausap niya sa telefono ay iisa. Anu-ano kayang emosyong pangkaisipan, pandamdamin, at pangkatawan ang nadama niya?